



Kagawaran ng Edukasyon  
Rehiyon x – Hilagang Mindanao  
**SANGAY NG LUNGSOD MALAYBALAY**  
Purok 6, Casisang, Lungsod Malaybalay

DA 2019-04-016  
DEPED MALAYBALAY CITY DIVISION  
RELEASED  
DATE: \_\_\_\_\_ TIME: 4:27  
APR BY: J. LUIS DENNA

**Pansangay na Adbaysori Blg. 616, s. 2019**  
**Marso 26, 2019**

### **IKA – 47 PAMBANSANG SEMINAR GAWAING – KAPULUNGAN SA FILIPINO**

Kalakip nito ang Adbaysori Blg. 24, s. 2019 at liham paanyaya ng PASATAF hkaugnay sa Ika - 47 Pambansang Seminar Gawaing – Kapulungan sa Filipino na gaganapin sa Teachers' Camp, Lungsod ng Baguio, sa Abril 22- 26, 2019.

Ang lahat na dadalo ay magbabayad ng Tatlong libo at siyam na raang Piso ( 3, 900.00) na gugulin sa pagkain at akomodasyon sa tatlong gabi at tatlong araw, seminar bag ,t-shrt , bayad kasapian, honoraria at iba pang gastusin at karagdagang isang daan at Limampung Piso ( Php 150.00 ) sa mga bagong kasapi ng PASATAF. Ang partisipasyon ng bawat kalahok ay manggagaling sa kanyang sariling pondo o personal na gastusin.

Para sa mga interesadong dadalo, sumangguni lamang sa kalakip na liham para sa mga detalye. Maari ring kontakin ang Pansangay na Tagamasid sa Filipino sa 0936 840 1920.

  
**REBONFAMIL R. BAGUIO**  
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

10 April 2019



Republic of the Philippines  
**DEPARTMENT OF EDUCATION**  
**REGION X**

Regional Office 10 Northern Mindanao, Zone 1 Upper Balulang, Cagayan de Oro City  
Telephone No. (088) 880 7072, 880 7071  
Website: <http://www.deped.gov.ph/regions/region-x> Email Address: region10@deped.gov.ph



**Regional Advisory No. 24, s. 2019**

February 20, 2019

This Advisory is issued for the information of DepEd Office **DepED-X Cagayan de Oro City** personnel/staff, and the concerned public.

(Visit [deped10.com](http://deped10.com))

13320

**DepED-X**

**Cagayan de Oro City**

27 FEB 2019

**RELEASED**


**IKA-47 PAMBANSANG SEMINAR GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO**

Alinsunod sa liham paanyaya ng PASATAF, idaraos ang ika-47 Pambansang Seminar Gawaing-Kapulungan sa Filipino na may temang "PASATAF: Kaagapay sa Pagpapaunlad ng Wikang Filipino sa Mabilis at Patuloy na Nagbabagong Mundo."

Kaugnay nito, magkakaroon ng limang araw na seminar na gaganappin sa Teachers Camp, Lungsod ng Baguio, sa ika-22 hanggang 26 ng Abril, 2019.

Para sa mga interesadong dadalo, sumangguni lamang sa kalakip na liham para mga detalye.

Maaari ring kontakin ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tapapagtaguyod sa Filipino (PASATAF), Room 35, Unit 3535, MRB Building, Commonwelath, Quezon City o di kaya ay tawagan ito sa telepono 09178590847, 09222074102, o 09103447748.

  
**DR. ARTURO B. BAYOCOT, CESO V**  
Regional Director

Encl.: As stated

CLMD/eliseo



**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**  
Gusaling Watson, 1610 JP Laurel St.,  
Malacañang Palace Complex, San Miguel, Manila  
oOo

## **TANGGAPAN NG KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPINO (KASUGUFIL)**

### **KALIGIRAN Tungkol sa KASUGUFIL**

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) ay isang organisasyon ng mga panrehiyon at pansangay na mga superbisor at guro sa Filipino ng labimpitong (17) mga rehiyon ng DepED sa buong bansa. Ito ay non-profit organization na ang layunin ay matipon at mabuklod ang kapatiran ng lahat ng mga superbisor at guro sa Filipino sa lahat ng antas ng edukasyon na nagtuturo sa publiko at pribado mga paaralan sa buong bansa, may mga kasapi rin na mga nagtataguyod ng wikang Filipino na mga puno ng kagawaran, at koordineytor sa Filipino, atbp.

Magkatuwang na itinatag ito ng mga Linguistics Specialist ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Regional Superbisor sa Filipino ng NCR at R-IV A, at Educational Program Specialist ng BSE at BEE, DepED Central Office, sampung taon (10) ang nakaraan. Sa pagsisimula noon ay itinalagang pangulo ng KASUGUFIL ang Educational Program Specialist ng Curriculum Development Div. (In-charge sa Filipino) ng BSE, DepED at binuo ang miyembro ng Kalupunan ng mga Direktor na mula sa mga Regional Superbisor sa Filipino o ang kanilang kinatawan sa bawat rehiyon. Inihanda ang Saligang-batas nito, at pagkaraan ng apat (4) na taon ay naghala ng pamunuan ang kalupunan ng mga direktor at naihalal na unang pangulo ang Regional Superbisor ng NCR at iba pang Regional Superbisor ng DepED sa pamunuan nito.

Pangunahin, proyekto ng organisasyon ang pagdaraos ng apat na araw na taunang Pambansang Kongreso sa Wika at Panitikang Filipino. Tinatalakay sa kongreso ng mga piling-pili na mga batikang tagapanayam ang mga napapanahong paksa/kaalaman sa wikang Filipino tulad ng tungkol sa wika, panitikan, at iba pang mga isyung pangwika na makatutulong sa pagpapataas ng antas at kalidad ng pagtuturo ng mga guro sa Filipino. Ang registration fee na binabayaran ng mga dumadalo sa kongreso na ito ay gastusin para sa kanilang pagkain, akomodasyon, honoraria ng mga tagapanayam, at seminar kit ng mga kalahok.

Sa kasalukuyan, idaraos ngayong taon ang ikasampung (10) Pambansang Kongreso sa Wika at Panitikang Filipino ang KASUGUFIL na may paksang: "*KASUGUFIL: Sipat, Sisid, Saliksik (S3), Gurong Filipino ng K to 12 sa Makabagong Daigdig*" na gaganapin sa 27- 30 Abril 2019 sa Teachers Camp, Lungsod Baguio. Ang taunang kongreso ng organisasyon ay dinadaluhan ng humigit-kumulang sa isang libong mga kalahok na superbisor, guro, puno ng kagawaran, at iba pang mga tagapagtaguyod ng Filipino mula sa iba't ibang rehiyon ng DepED.

Sapagkat isa sa mga mandato ng Komisyon sa Wikang Filipino ay magtaguyod ng mga organisasyon o samahang pangwika na nagtataguyod ng mga programang pangwikang Filipino, isa ang KASUGUFIL sa itinataguyod ng KWF ang mga programa nito tulad ng pambansang kongreso na ito at ang taunang pagdaos ng Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Ispel Mo!

**CELESTINO S. DALUMPINES IV**  
Pangulo, KASUGUFIL

Kalakip:  
7-Pamunuan at Kalupunan ng mga Direktor ng KASUGUFIL

## PASATAF

### MGA ALITUNTUNIN AT PAMANTAYAN NG PASATAF 2019

#### A. PARA SA DATING KALAHOK/DELEGADO

- Halaga ng Rehistrasyon: On-site Registration-P3,900.00
- Bahagi ng rehistrasyon ang sumusunod: 3-gabing akomodasyon sa Teachers Camp; Pagkain: 3 agahan, 3 tanghalian, 3 hapunan at 7 meryenda; seminar bag; PASATAF t-shirt; bayad-kasapian, hand-outs; sertipiko ng paglahok at iba pang gastusin
- Ang unang pagkain ay sa pang umagang meryenda ng Abril 23 at ang huli ay sa meryenda ng Abril 26
- Sakaling ang mga delegado ay maubusan ng akomodasyon sa loob ng Teachers Camp, ang pamunuan ay maghahain ng listahan ng mga transient house na maaring puntahan ng mga delegado.
- Ang mga kalahok na mamamahinga sa mga Bahay panuluyan (transient houses) ay may kabawasan sa rehistrasyon na nagkakahalaga ng P 600.00. Ang mga delegado ang may karapatan na makipag ugnayan sa may ari ng bahay panuluyan.
- Hindi pananagutan ng PASATAF ang pagkain at pagtira sa Teachers Camp na hindi sakop ng programa.
- Mahigpit na ipinapaalala na **IWASANG magsama ng asawa, anak o kaibigang hindi kasapi ng PASATAF** na maaaring makasagabal sa pagdalo ng mga gawain.
- Magdala ng kaukulang gamot para sa may mga maseselang karamdaman.

#### B. BAGONG KASAPI NG PASATAF

- Magkakaroon ng hiwalay na patalaan ang mga bagong kasapi ng PASATAF.
- Bukod sa On-site Registration na P3,900.00, magbabayad ng karagdagang isang daan at limampung piso (P150) para sa bayad-kasapian ang mga bagong kasapi
- Kasabay nito ang pagbibigay ng sertipiko bilang bagong kasapi mula sa pamunuan.
- Dumalo sa **oryentasyon** na gaganapin sa unang araw ng kapulungan
- Lumahok at dumalo sa mga gawain ng **gabi ng inisasyon** na gaganapin sa unang gabi.
- Sa gabi ng inisasyon ilalahad ang pangkatang gawain
- Lalaanan ng tatlumpong minuto ang lahat para sa kanilang pag eehensayo
- Tanging puting T-shirt ng PASATAF ang maaaring isuot, nasa kasunduan ng bawat pangkat kung nais na may karagdagang gamitin (praps) sa pagtatanghal.
- Matapos ang lahat ng pagtatanghal, igagawad ang sertipiko ng paglahok kasabay ng pag anunsyo sa tatlong pinaka mahusay na pangkat.
- Pagkakalooban ng sertipiko ng pagkilala ang lahat ng nagwagi.

### **C. PAGTATANGHAL NG MGA SALIKSIK (RESEARCH)**

- Kasapi ng PASATAF na nakadalo sa Pambansang Pagpupulong na may kauganayan sa Pagsasaliksik
- Magsumite ng Abstrak sa sulat tronikong saliksik.pasataf@gmail.com gamit lamang ang MS Word, mula Enero 17 hanggang Marso 1, 2019.
- Ang **abstrak** ay hindi bababa sa 150 hanggang 200 salita gamit ang Arial font style at 12 bilang sukat ng font.
- Nilalaman ng abstrak ang mga sumusunod; **layunin, disenyo, limitasyon, kinalabasan, rekomendasyon, kahalagahang etikal, at mga susing salita.**
- Ang lahat ng Abstrak ma isusumite ay susuriin ng komite sa saliksik. Maghintay ng kompirasyon mula sa pamunuan kung ang inyong saliksik ay itatanghal bilang POSTER PRESENTATION o ORAL PRESENTATION.

#### **Para sa mga POSTER PRESENTERS**

- Sakaling mapili ang saliksik sa poster presentation, maghanda ng poster (vertical portrait) na may sukat na **48 x 24 inches**.
- Nakatala dito ang pamagat ng saliksik, layunin, disenyo, resulta at interpretasyon ng datos, konklusyon at sanggunian.
- Magdala ng stand para sa poster sa unang araw ng kapulungan
- Ang mga delegado na nakapaglahad ng kanilang saliksik ay pagkakalooban ng sertipiko ng pagkilala

#### **Para sa mga ORAL PRESENTERS**

- Bibigyan ang bawat kalahok ng hindi hihigit sa 10 minuto sa paglalahad ng kanilang saliksik at 5 minuto sa tanungan at pagpapaliwanag.
- Magdadala ang bawat presenter ng laptop para sa kanilang oral presentation.
- Ang mga delegado na nakapaglahad ng kanilang saliksik ay pagkakalooban ng sertipiko ng pagkilala

### **D. GAWAD PASATAF 2019**

#### **1. Gawad Sigasig**

- Dapat nakadalo ng PASATAF ng taong 2017, 2018 at 2019
- Magmumula ang listahan ng mga gawad sigasig batay sa tala ng pamunuan

#### **2. Gawad Nataas ng Tungkulin**

- Kasapi ng PASATAF na nataas ang tungkulin (Halimbawa mula guro sa pagiging punongguro o mas mataas na posisyon)
- Magsumite ng anumang katibayan na naka PDF sa (email add) mula (petsa) hanggang (petsa)

#### **3. Gawad Nagretiro sa Tungkulin**

- Miyembro ng PASATAF na nagretiro at may nagawang ambag sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng Wikang Filipino
- Magsumite ng natapos na gawain (accomplishment report)
- Magpatala at isumite ang mga dokumento sa kamite ng Gawad PASATAF sa (email add) mula (petsa) hanggang (petsa).

#### **E. GABI NG TANGHALAN**

- Bukas sa lahat ng miyembro ng PASATAF na may angking talento
- Magpatala sa unang araw ang mga nagnanais na lumahok
- Magdala ng kaukulang tugtunin o instrumento na gagamitin
- Paglalaanan ng dalawampung minuto ang bawat magtatanghal
- Narito ang mga pamantayan sa pagpili ng magwawagi:
  - Orihinal (Originality)- 40%
  - Pagkamalikhain (Creativity)- 30%
  - Tiyempo (tempo)- 20%
  - Reaksyon ng manonood (Audience impact) – 10%
  - Kabuuan – 100%
- Ang tatlong magwawagi ay pagkakalooban ng sertipiko ng pagkilala

#### **F. MUTYA AT LAKAN NG PASATAF 2019**

- Bukas ang patimpalak sa lahat ng babaeng/lalakeng kasapi ng PASATAF (binata/ dalaga o may asawa)
- Walang limitasyon sa edad
- Isa hanggang dalawang kalahok ang maaaring kinatawan ng bawat rehiyon
- Bawat kalahok ay maghahanda ng mga sumusunod: talent, katutubong kasuotan, kasuotang kaswal at pormal (evening attire)
- Ang patimpalak ay gaganapin sa gabi ng Abril 25

#### **G. KALATAS-BALITA (Opisyal na Pahayagan ng PASATAF)**

- Ang sinumang kasapi ay maaaring mag-ambag ng mga artikulong BALITA, EDITORYAL/OPINYON, at LATHALAIN
- Ang mga may-akdang pampanitikan tulad ng tula, maikling kuwento, haiku, atbp. ay mailalathala sa SAMYO (Opisyal na Lupon ng mga Akdang Pampanitikan ng PASATAF). Ang mga sanaysay at maikling kwento ay hindi dapat lalampas sa isang buong pahina ng A4-sized na papel.
- Nararapat na malinaw ang mga kopyang isusumite kalakip ang sumusunod na impormasyon: PANGALAN/ PAARALAN/ REHIYON/ DIBISYON
- Bibigyan ng karapatan ang mga kasapi ng patnugutan ng Kalatas-Balita/ SAMYO na rebisahin ang mga artikulong isusumite nang ayon sa pangangailangan
- Ang bawat kasapi na **nag-ambag ng nallathalang artikulo** ang pagkakalooban ng sertipiko ng pagkilala mula sa pamunuan
- Ang mga artikulong isusumite ay kinakailangan na "soft copy" lamang at maaaring isumite sa patnugutan ng kalatas-balita/ samyo
- Para sa labas ng SAMYO, maaring magsumite ng akda sa sulat tronikong [kalatas.balita@gmail.com](mailto:kalatas.balita@gmail.com) mula sa petsa ng pagkalathala ng mga alituntuning ito hanggang sa Huling Biyernes ng buwan ng Marso (Marso 29, 2019). Layon nitong mailathala sa SAMYO nang mas maaga ang mga akdang ipinadala.

**Maraming Salamat po sa inyong pagtangkilik at pakikiisa!**

**- Pamunuan ng PASATAF**

# TENTATIBONG PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN (ELEMENTARYA)

Ika-47 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO  
Buwagang Benitez, Teachers Camp Lungod ng Baguio, April 23-26, 2019

**TEMA: PASATAF: KAAGAPAY SA PAGPAPAUNLAD NG WIKANG FILIPINO PARA SA MABILIS AT PATULOY NA NAGBABAGONG MUNDO**

ORAS	DAY 0 (Abril 22)	UNANG ARAW (Abril 23)	IKALAWANG ARAW (Abril 24)	IKATLONG ARAW (Abril 25)	IKAAPAT NA ARAW (Abril 26)	
		<b>AGAHAN</b>				
00 - 6:30	<b>REHISTRASYON, AKOMODASYON AT PAGBIBIGAY NG KIT</b>  Buwagang Benitez	<b>Banal na Misa</b>	<b>Malayang Oras</b>	<b>Malayang Oras</b>	<b>Mga Eksibit at Pagtatangka</b>  *Saliit Buwagang -  *Indie Film Buwagang -  Tagapamahala	
30 - 7:00		<b>Pambukas na Palatuntunan (Rehiyon IV-A) Buwagang Benitez</b>	<b>Panayam 4 JOEY AYALA</b> <i>Kuwentong Kakusugan, Kultura't Kalikasan</i> Buwagang Benitez	<b>Panayam 7 MELA FRANCO HABIJAN</b> <i>VLOG MOVES in MYSTERIOUS WAYS: Makabagong Sining ng Pagkukwento, Pag-uulat at Pagmumulat</i> Buwagang Benitez		
00 - 7:30		<b>Susing Tagapagsalita</b>		<b>Tagapamahala</b>	<b>Tagapamahala</b>	
30 - 8:00		<b>Panayam 1 BENJAMIN ALVES</b> <i>'Personality Development' para sa mga Guro ng ika-21 Siglo</i> Buwagang Benitez	<b>Panayam 5 DR. VOLTAIRE VILLANUEVA</b> <i>Ika-21 Siglong Estratehiya sa Paglinang ng Holistikong Pilipino</i> Buwagang Benitez	<b>Panayam 8 DR. ERICO M. HABIJAN</b> <i>Filipino: Platform para sa Rebolusyong Panteknolohiya sa Pagkatuto</i> Buwagang Benitez	<b>GAWAD PASATAF</b>  Pampinid na Palatuntunan  Tagapamahala	
00 - 8:30		<b>Tagapamahala</b> Dr. Elpidia B. Bergado	<b>Tagapamahala</b>	<b>Tagapamahala</b>		
30 - 9:00		<b>PANANGHALIAN</b>				
00 - 9:30		<b>Panayam 2 JOHN KELVIN O. BRIONES</b> <i>Inobatibong Pagtatasa: Kagamitan sa Pagtulay ng Pagkatuto sa Kritikal na Nilalaman ng Filipino</i> Buwagang Benitez			<b>Panayam 9 GENARO R. GOJO CRUZ</b> <i>Pagsulat ng Kwentong Pambata</i> Buwagang Benitez	<b>Paggupulong ng pamanuan PASATAF 2016-2018</b>
30 - 10:00		<b>Tagapamahala</b>	<b>Tagapamahala</b>	<b>Tagapamahala</b>		
00 - 10:30		<b>Panayam 3 DR. JOVY PEREGRINO</b> <i>Ang Danas Bilang Metodo sa Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Wika Tungo sa Kultural na Edukasyon</i> Buwagang Carlos P. Romulo			<b>Panayam 10 DR. JENNIFER E. LOPEZ</b> <i>PPST-RPMS : Isang Paglilinaw</i> Buwagang Benitez	
30 - 11:00		<b>Tagapamahala</b>	<b>Panayam 6 DR. DAVID MICHAEL SAN JUAN</b> <i>Pagsipat sa Kalagayan ng Panitikan at Kulturang Filipino Gamit sa Pagbuo ng Sistematikong Pananaliksik</i> Buwagang Benitez	<b>Tagapamahala</b>		
00 - 11:30	<b>Gabi ng Inisasyon</b> Buwagang Carlos P. Romulo	<b>Tagapamahala</b>	<b>Pagbubukas ng Eksibit ng mga Saliit (Anyong Poster)</b> Buwagang -			
30 - 12:00	<b>Tagapamahala</b> Dr. Jesus Valencia Jr.	<b>HAPUNAN</b>				
00 - 1:00	<b>HAPUNAN</b>			<b>Mutya at Lakan ng PASATAF</b> Buwagang Carlos P. Romulo		
30 - 2:00	<b>Tertulia at Gabi ng Tanghalan</b> Buwagang Carlos P. Romulo			<b>Tagapamahala</b> Dr. Romeo Espidon Jr.		
00 - 3:00	<b>Tagapamahala</b> Dr. Ramon De Leon					
30 - 4:00	<b>Tagapamahala</b>					
00 - 5:00	<b>Tagapamahala</b>					
30 - 6:00	<b>Tagapamahala</b>					
00 - 7:00	<b>Tagapamahala</b>					
30 - 8:00	<b>Tagapamahala</b>					

## TENTATIBONG PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN (SEKUNDARYA)

Ika-47 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO  
Buwagang Benitez, Teachers Camp Lungsod ng Magulo, April 23-26, 2019

**TEMA: PASATAF: KAAGAPAY SA PAGPAPAUNLAD NG WIKANG FILIPINO PARA SA MABILIS AT PATULUY NA NAGBABAGONG MUNDO**

ORAS	DAY 1 (April 23)	UNANG ARAW (April 23)	KALANGANG ARAW (April 24)	IKATLONG ARAW (April 25)	KAAPAT NA ARAW (April 26)	
6:00 - 6:30	<b>REHISTRASYON, AKOMODASYON AT PAGBIBIGAY NG KIT</b>  Buwagang Benitez	<b>AGAHAN</b>				<b>Mga Ekelbit at Pagtatanghal</b>  *Sali-kalik Buwagang -  *Indie Film Buwagang -  Tagapamahala
6:30 - 7:00		<b>Banet na Misa</b>	<b>Malayang Oras</b>	<b>Malayang Oras</b>		
7:00 - 7:30		Pambukas na Palatuntunan (Rahiyon IV-A) Buwagang Benitez  Susing Tagapagsalita	Panayam 4 <b>DR. VOLTAIRE VILLANUEVA</b> <i>Ika-21 Siglong Estratehiya sa Paglinang ng Holistikong Pilipino</i> Buwagang Carlos P. Romulo  Tagapamahala	Panayam 7 <b>GENARO R. GOJO CRUZ</b> <i>Pagsulat ng Kwentong Pambata</i> Buwagang Carlos P. Romulo  Tagapamahala		
7:30 - 8:00						
8:00 - 8:30						
8:30 - 9:00						
9:00 - 9:30						
9:30 - 10:00		Panayam 1 <b>JOHN KELVIN O. BRIONES</b> <i>Inobatibong Pagtatasa: Kagamitan sa Pagtulay ng Pagkatuto sa Kritikal na Nilalaman ng Filipino</i> Buwagang Benitez  Tagapamahala	Panayam 5 <b>DR. DAVID MICHAEL SAN JUAN</b> <i>Pagsipat sa Kalagayan ng Panitikan at Kulturang Filipino Gamit sa Pagbuo ng Sistematikong Pananaliksik</i> Buwagang Carlos P. Romulo  Tagapamahala	Panayam 8 <b>DR. JENNIFER E. LOPEZ</b> <i>PPST-RPMS: Isang Paglinhaw</i> Buwagang Benitez  Tagapamahala		
10:00 - 10:30						
10:30 - 11:00						
11:00 - 11:30						
11:30 - 12:00						
12:00 - 1:00	<b>PANANGHALIAN</b>				<b>GAWAD PASATAF</b>  Pampinid na Palatuntunan  Tagapamahala	
1:00 - 2:00	Panayam 2 <b>DR. JOVY PEREGRINO</b> <i>Ang Dangat Bilang Metodo sa Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Wika Tungo sa Kultural na Edukasyon</i> Buwagang Carlos P. Romulo  Tagapamahala	Panayam 6 <b>JOEY AYALA</b> <i>Kuwentong Kalusugan, Kultura'y Kalikasan</i> Buwagang Carlos P. Romulo  Tagapamahala	Panayam 9 <b>MELA FRANCO HABIJAN</b> <i>VLOG MOVES in MYSTERIOUS WAYS: Makabagong Sining ng Pagkukwento, Pag-uulat at Pagmumulat</i> Buwagang Carlos P. Romulo  Tagapamahala			
2:00 - 3:00						
3:00 - 4:00						
4:00 - 5:00	Panayam 3 <b>BENJAMIN ALVES</b> <i>'Personality Development' para sa mga Guro ng ika-21 Siglo</i> Buwagang Benitez  Tagapamahala Dr. Elpidia B. Bergado	Panayam 10 <b>DR. ERICO M. HABIJAN</b> <i>Filipino: Platform para sa Rebolusyong Panteknolohiya sa Pagkatuto</i> Buwagang Carlos P. Romulo  Tagapamahala	Pagbubukas ng Ekelbit ng mga Sali-kalik (Anyong Poster) Buwagang -			
5:00 - 6:00						
6:00 - 7:00	Tagapamahala Dr. Jesus Valencia Jr.	<b>HAPUNAN</b>		<b>Mutya at Lakan ng PASATAF</b> Buwagang Carlos P. Romulo  Tagapamahala Dr. Romeo Espidion Jr.		
7:00 - 8:00	<b>HAPUNAN</b>	Tertulia at Gabi ng Tanghalan Buwagang Carlos P. Romulo  Tagapamahala Dr. Ramon De Leon				